SAN MATEO COUNTY HEALTH
BEHAVIORAL HEALTH
& RECOVERY SERVICES

Quality Management
1950 Alameda de las Pulgas
Suite 157
San Mateo, CA 94403
650-573-3431 T
650-525-1762 F
smchealth.org/bhrs

"NOABD Your Rights"

_____ANG IYONG MGA KARAPATAN SA

Kung kailangan mo ang abisong ito at/o iba pang dokumento mula sa San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services (BHRS) sa alternatibong format ng pakikipag-ugnayan tulad ng malalaking font, Braille, o elektronikong format, o, gusto mo ng tulong sa pagbabasa ng materyal, mangyaring makipag-ugnayan sa BHRS sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 388-5189.

KUNG HINDI KA SUMASANG-AYON SA GINAWANG DESISYON PARA SA IYONG KALUSUGAN NG PAG-IISIP O PAGGAMOT SA SAKIT SA PAGGAMIT NG KONTROLADONG KEMIKAL, MAAARI KANG MAGHAIN NG APELA. NAIHAIN ANG APELANG ITO SA ILALIM NG IYONG PLANO.

PAANO MAGHAIN NG APELA

Mayroon kang **60 araw** mula sa petsa ng liham na ito ng "Abiso sa Hindi Mabuting Pagpapasya sa Benepisyo" para maghain ng apela. Kung nagpasya ang iyong Plano na bawasan, suspindihin o wakasan ang paggamot na nakukuha mo na, may karapatan kang hilingin na ipagpatuloy ng Plano ang pagbibigay ng paggamot na iyon habang sinusuri ang iyong apela. Tinatawag itong Aid Paid Pending. Para maging kwalipikado para sa Aid Paid Pending, dapat kang humingi ng apela sa iyong Plano sa loob ng 10 araw mula sa petsa sa liham na ito, o bago ang petsa na sinabi ng iyong Plano na hihinto ang mga serbisyo, alinman ang mas huli. Kahit na dapat kang bigyan ng iyong Plano ng Aid Paid Pending kapag humiling ka ng apela sa loob ng mga timeline na ito sa itaas, dapat mong ipaalam sa iyong Plano kapag humingi ka ng apela na gusto mong makakuha ng Aid Paid Pending hanggang sa mapagpasyahan ang iyong apela.
Hindi ka mananagot para sa gastos ng patuloy na paggamot kung ang desisyon ng apela ay pinaninindigan ang pagtanggi sa benepisyo ng Plano.

Kung napalampas mo ang 10 araw na panahon para humiling ng apela O hindi ka humingi ng apela bago ang petsa na sinabi ng iyong Plano na hihinto ang

Quality Management
1950 Alameda de las Pulgas
Suite 157
San Mateo, CA 94403
650-573-3431 T
650-525-1762 F
smchealth.org/bhrs

mga serbisyo, mayroon ka pa ring 60 araw mula sa petsa nitong liham ng Abiso sa Pagtanggi sa Benepisyo para humingi ng apela. Gayunpaman, hindi ka makakakuha ng Aid Paid Pending habang pinagpapasyahan ang iyong apela.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono o sa pagsulat. Kung maghahain ka ng apela sa pamamagitan ng telepono, dapat kang mag-follow up gamit ang nakasulat na nilagdaang apela. Bibigyan ka ng Office of Consumer and Family Affairs ng libreng tulong kung kailangan mo ng tulong.

- Para maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa OCFA sa pagitan ng 8 am-5 pm sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 388-5189. O kaya, kung mayroon kang problema sa pandinig o pananalita, mangyaring tumawag sa 711 o ang “California Relay Service” sa (800) 855- 7100, sila ay bukas magdamag (24 oras), araw-araw (7beses) sa isang linggo, kung kailangan mo ng tulong.

- Para maghain ng apela sa pamamagitan ng sulat: Punan ang form ng apela o gumawa ng liham para sa iyong plano at ipadala ito sa:

  Office of Consumer & Family Affairs
  1950 Alameda de las Pulgas, San Mateo CA 94403

  Magkakaroon ng mga form ng apela ang iyong provider na magagamit mo. Puwede ring magpadala ng form ang OCFA sa iyo.

Maaari kang maghain ng apela nang personal. O kaya, maaaring maghain ng apela para sa iyo ang isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, provider, o abogado. Tinatawag ang taong ito na "awtorisadong kinatawan." Maaari kang magpadala ng anumang uri ng impormasyon na gusto mong masuri ng iyong Plano. Susuriin ng provider, na iba sa taong gumawa ng unang desisyon, ang iyong apela.

May 30 araw ang iyong Plano para mabigyan ka ng sagot. Sa panahong iyon, makakakuha ka ng liham na "Abiso ng Resolusyon sa Apela". Ipapaalam sa iyo ng liham na ito kung ano ang napagpasyahan ng Plano. **Kung hindi ka nakatanggap ng liham na may kasamang desisyon ng Plano sa loob ng 30 araw, maaari kang humiling ng “Pagdinig ng Estado” at susuriin ng hukom ang iyong kaso**. Mangyaring basahin ang seksyon sa ibaba para sa mga tagubilin kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado.

SAN MATEO COUNTY HEALTH
BEHAVIORAL HEALTH
& RECOVERY SERVICES

Quality Management
1950 Alameda de las Pulgas
Suite 157
San Mateo, CA 94403
650-573-3431 T
650-525-1762 F
smchealth.org/bhrs

MGA PINABILIS NA APELA

Kung sa tingin mo ay makasasama sa iyong kalusugan ang paghihintay nang 30 araw, puwede kang makatanggap ng sagot sa loob ng 72 oras. Kapag maghahain ka ng iyong apela, sabihin kung bakit makasasama sa iyong kalusugan ang paghihintay. Tiyaking humiling ka ng isang "**pinabilis na apela."**

PAGDINIG NG ESTADO

Kung naghain ka ng apela at nakatanggap ka ng liham na "Abiso ng Resolusyon sa Apela" na nagsasabi sa iyo na hindi pa rin ibibigay ng iyong Plano ang mga serbisyo, o **hindi ka pa nakatanggap ng liham na nagsasabi sa iyo ng desisyon at 30 araw na ang nakalipas,** maaari kang humiling ng "Pagdinig ng Estado" at susuriin ng hukom ang iyong kaso. Hindi mo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado.

Dapat kang humingi ng Pagdinig ng Estado sa loob ng **120 araw** mula sa petsa ng liham ng "Abiso ng Resolusyon sa Apela". Kung patuloy na ibinibigay sa iyo ng iyong Plano ang pinagtatalunang paggamot sa panahon ng proseso ng apela ng Plano, may karapatan kang humiling na ipagpatuloy ng Plano ang pagbibigay ng paggamot na iyon hanggang sa magkaroon ng desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado. **Kung kasalukuyan kang ginagamot at gusto mong ipagpatuloy ang iyong paggamot habang sinusuri ang iyong kahilingan sa Pagdinig ng Estado, dapat kang humingi ng Pagdinig ng Estado sa loob ng10 araw** mula sa petsa ng pagkakatatak o naihatid sa iyo ang liham ng "Abiso ng Resolusyon sa Apela." Kapag humiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado, dapat mong sabihin na gusto mong patuloy na matanggap ang paggamot. Hindi ka mananagot para sa gastos ng patuloy na paggamot kung ang desisyon ng Pagdinig ng Estado ay pinaninindigan ang pagtanggi sa benepisyo ng Plano. Hindi mo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado.
Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono, elektronikong paraan, o nakasulat:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 1-800-952-5253. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY/TDD 1-800-952-8349.

- Sa elektronikong paraan: Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado online. Mangyaring bisitahin ang website ng Departamento ng Mga

Quality Management
1950 Alameda de las Pulgas
Suite 157
San Mateo, CA 94403
650-573-3431 T
650-525-1762 F
smchealth.org/bhrs

Serbisyong Panlipunan (California Department of Social Services) ng California para kompletuhin ang elektronikong form sa: https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do

- Sa liham: Punan ang form na Pagdinig ng Estado o magpadala ng liham sa:
California Department of Social Services State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

Tiyaking isama ang iyong pangalan, tirahan, numero ng telepono, Petsa ng Kapanganakan, at ang dahilan kung bakit gusto mo ng Pagdinig ng Estado. Kung may tumulong sa iyo na humingi ng Pagdinig ng Estado, idagdag ang kanilang pangalan, address, at numero ng telepono sa form o sulat. Kung kailangan mo ng interpreter, sabihin sa amin kung anong wika ang iyong ginagamit. Hindi mo kailangang magbayad para sa isang interpreter. Kukuha kami ng isa para sa iyo.

Pagkatapos mong humiling ng Pagdinig ng Estado, maaaring abutin nang hanggang 90 araw bago makapagdesisyon sa iyong kaso at makapagpadala sa iyo ng sagot. Kung sa tingin mo ay makasasama sa iyong kalusugan ang paghihintay nang ganoon katagal, puwede kang makatanggap ng sagot sa loob ng 3 araw ng trabaho. Maaaring gusto mong hilingin sa iyong provider o Plano na sumulat ng liham para sa iyo, o maaari kang sumulat ng sarili mong liham.

Dapat detalyadong ipaliwanag sa liham kung paano lubos na malagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan mo, o iyong kakayahang makakuha, magpanatili, o muling magkaroon ng maximum na pagkilos kapag naghintay nang hanggang 90 araw upang mapagdesisyunan ang kaso mo. Pagkatapos, humiling ng “pinabilis na pagdinig” atibigay ang liham kasama ng iyong kahilingan para sa pagdinig.

Pangalawang Opinyon

Kapag hiniling, may karapatan ka sa pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nasa o wala sa network nang walang dagdag na bayad.

Awtorisadong Kinatawan

Maaari kang magsalita sa mismong Pagdinig ng Estado. O kaya, maaaring magsalita para sa iyo ang isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, provider, o abogado. Kung gusto mong magsalita ang ibang tao para sa iyo, dapat mong sabihin sa tanggapan ng Pagdinig ng Estado na pinahihintulutan mo

Quality Management
1950 Alameda de las Pulgas
Suite 157
San Mateo, CA 94403
650-573-3431 T
650-525-1762 F
smchealth.org/bhrs

ang taong ito na magsalita para sa iyo. Tinatawag ang taong ito na "awtorisadong kinatawan."

LEGAL NA TULONG

Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong. Maaari mo ring tawagan ang lokal na programang Legal Aid sa iyong county sa 1-888-804-3536.